Pangalan: Saipoden B. Ampuan Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Kahalagahan ng Pagsasaliksik ng Kaalaman
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 7, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
“O kayong mga naniwala, matakot kayo sa Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.” (Surah Alo Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang susi ng lahat ng ating kamangmangan, kayabangan, at pagkaligaw ay ang pagkakaroon ng kaalaman sa Islam. Ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay hindi marunong sumulat at bumasa. Gayun pa man, ang unang Ayah na ibinaba ng Allah sa kanya ay ang salitang “Iqra” o “Basahin mo” na nagpapahiwatig ng kaalaman. Sinabi ng Allah:

ISA IBN MARYAM INC.

﴿ ٱقۡرَأۡ بِٱسۡمِ رَبِّكَ ٱلَّذِي خَلَقَ ﴾ سورة العلق: 1
“Bumasa ka sa ngalan ng iyong Panginoon na lumikha.” (Surah Al-‘Alaq: 1)

Ang kautusang ito ay hindi lamang ekslusibo sa ating mahal na Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) bagkus ito ay sumasaklaw sa kanyang buong Ummah. Siy rin ay nagsabi:

﴿ فَاعْلَمْ أَنَّهُ لَا إِلَٰهَ إِلَّا اللَّهُ ﴾ سورة محمد: 19
“Kaya’t alamin mo na walang diyos (na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba) maliban sa Allah.” (Surah Muhammad: 19)

Sa Ayah na ito, malinaw at mariing ipinag-utos ng Allah ang pagsasaliksik ng kaalaman sa Islam. Alamin mo, saliksikin mo ang katotohanan na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah Subhanahu wa Ta’ala. Ito ang pinakamahalagang kaalaman na dapat nating pinaglalaanan ng oras bilang mga Muslim, sapagkat ito ay nauukol sa ating Tagapaglikha na Siyang nagmamay-ari ng Paraiso. Paano tayo makakapasok sa Paraiso kung hindi natin kilala ang nagmamay-ari nito? At paano tayo makakapasok sa Paraiso kung hindi natin isinasagawa ang Kanyang mga kautusan? Marami sa ating mga ninuno, bagama’t nasa kanila ang Ikhlas o sensiridad at lakas ng pananampalataya, ngunit nang dahil sa kawalan ng kaalaman sa tunay na turo ng Islam, marami sa kanila ang naligaw at nakagawa ng mga Bid’ah at Shirk. Ito ang panganib na dulot ng pag-iwan sa pagsasaliksik ng kaalaman sa Islam.

Sa panahon natin ngayon, naging madali ang pagsasaliksik ng kaalaman nang dahil sa mga makabagong teknolohiya. Naririyan ang social media gaya ng Facebook, Whatsapp at Telegram na kung saan maaari tayong mag-aral sa pamamagitan ng mga online lecture na isinasagawa ng ating mga ‘Ulama. Halos lahat na ng paksa hinggil sa Islam ay napag-aaralan na natin sa social media. Ang kailangan lamang sa atin ay buksan ito. Hindi katulad noong mga naunang panahon, hinihintay pa natin na makapagtapos ng pag-aaral ang ating mga Ustadh mula sa iba’t ibang bansa. Lumilipas ang ilang taon bago pa sila makabalik sa ating mga lugar. Naglalakbay pa tayo sa mga malalayong lugar, mga Masjid, at mga Madrasah upang magsaliksik ng kaalaman sa Islam. Subalit sa kasalukuyan, nasa loob na ng ating mga tahanan ang kaalaman habang tayo ay nakahiga sa ating mga higaan o nakaupo sa ating mga sofa. Ano pa ba ang mahirap? Kaya gamitin natin ang mga social media na ito sa kabutihan gaya ng pagsasaliksik ng kaalaman sa Islam, at huwag natin ito gamitin sa mga masasamang bagay kung tunay ngang hangad natin ang Paraiso ng Allah sa kabilang-buhay.

Sa panahon ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam), isa sa kanyang mga Sahabah (radhiyallahu ‘anhum) ang nagkasugat sa ulo nang tamaan ito ng bato habang sila ay naglalakbay. Nang siya ay naging Junob (nilabasan ng maraming semilya), tinanong niya ang kanyang mga kasamahan kung maaari nalang ba siyang magsagawa ng Tayammum bago magsagawa ng Salah? Subalit ang tugon nila sa kanya ay dapat siyang maligo, kaya’t siya ay naligo na naging dahilan ng kanyang pagkasawi. Nang makarating sa Propeta (sallallahu ‘alayhi wa

sallam) ang balitang ito, siya ay nagalit sa mga taong ito na nagbibigay ng hatol sa mga bagay na walang sapat na kaalaman. Nang dahil sa maling kasagutan ay napahamak ang isa sa kanilang mga kapatid sa pananampalataya. Ito ang kaibahan ng may kaalaman sa walang kaalaman. Sinabi ng Allah:

﴿ قُلْ هَلْ يَسْتَوِي الَّذِينَ يَعْلَمُونَ وَالَّذِينَ لَا يَعْلَمُونَ ﴾ سورة محمد: 9

"Magkatumbas ba yaong mga nakakaalam at yaong mga walang alam?"
(Surah Az-Zumar: 9)

Mga kapatid sa pananampalataya, pagagaanin ng Allah ang landas tungo sa Paraiso para sa sinumang tumatahak sa landas ng pagsasaliksik ng kaalaman. Isa ito sa mga kainaman ng pagsasaliksik ng kaalaman sa Islam na binanggit sa atin ng Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam). Siya ay nagsabi,

مَنْ سَلَكَ طَرِيقًا يَلْتَمِسُ فِيهِ عِلْمًا، سَهَّلَ اللَّهُ لَهُ طَرِيقًا إِلَى الجَنَّةِ. (أخرجه أبو داود والترمذي وابن ماجه وأحمد)

"Sinuman ang tumahak sa landas ng pagsasaliksik ng kaalaman, pagagaanin ng Allah para sa kanya ang landas tungo sa Paraiso." (Inulat nina Abu Dawud, At-Tirmidhi, Ibn Majah, at Ahmad)

Sinabi ni Imam Ash-Shafi'i (rahimahullah), مَنْ أَرَادَ الدُّنيَا فَعَلَيْهِ بِالعِلْمِ، وَمَنْ أَرَادَ الآخِرَةَ فَعَلَيْهِ بِالعِلْمِ، وَمَنْ أَرَادَهُمَا مَعاً فَعَلَيْهِ بِالعِلْمِ. "Sinuman ang nagnanais makamit ang karangyahan sa Mundo, dapat siyang magkaroon ng kaalaman. Sinuman ang nagnanais makamit ang karangyahan sa kabilang-buhay, dapat siyang magkaroon ng kaalaman. At sinuman ang nagnanais makamit ang karangyahan sa dalawa, dapat siyang magkaroon ng kaalaman." Si Imam Ahmad Hanbal (rahimahullah) ay nagsabi, حَاجَةُ النَّاسِ إِلَى العِلْمِ الشَّرْعِي أَعْظَمُ مِن حَاجَتِهِم إِلَى الطَّعَامِ وَالشَّرَابِ لِأَنَّ الرَّجُلَ يَحْتَاجُ إِلَى الطَّعَامِ وَالشَّرَابِ فِي اليَوْمِ مَرَّةً أو مَرَّتَيْنِ وَحَاجَتُهُ إِلَى العِلْمِ بِعَدَدِ أَنْفَاسِهِ. "Ang pangangailangan ng mga tao sa Islamikong kaalaman ay higit na mahalaga kaysa sa pangangailangan nila sa pagkain at inumin, sapagkat ang tao ay nangangailangan ng pagkain at inumin isa o dalawang beses lamang sa isang araw, subalit ang pangangailangan niya sa kaalaman ay ayon sa dami ng kanyang paghinga."

Mga alipin ng Allah, ang layunin natin sa pagsasaliksik ng kaalaman sa Islam ay “LILLAH” – ito ay para kay Allah, hindi upang magpasikat, o magyabang, o ipahiya ang kapatid sa pananampalataya. Binalaan tayo ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) hinggil dito. Siya ay nagsabi,

مَنْ تَعَلَّمَ العِلْمَ لِيُبَاهِيَ بِهِ العُلَمَاءَ، أَوْ يُمَارِيَ بِهِ السُّفَهَاءَ، أَوْ يَصْرِفَ بِهِ وُجُوهَ النَّاسِ إِلَيْهِ، أَدْخَلَهُ اللهُ جَهَنَّمَ. (صحيح الجامع/6158)

“Sinumang nagsasaliksik ng kaalaman upang makipagtalo sa mga ‘Ulama, o gamitin ito upang makipagtalo sa mga mangmang, o upang tingalain siya ng mga tao, kung gayun siya ay ipapasok sa Impiyerno.” (Sahihul-Jami’/6158)

Kaya bilang mga Muslim ay kailangan nating mag-aral sa Islam upang mawala ang ating kamangmangan at makaiwas tayo sa paggawa ng Bid’ah at Shirk. Ugaliin natin ang palagiang pagtatanong o pagkonsulta sa ating mga ‘Ulama hinggil sa mga bagay na hindi natin alam patungkol sa Islam at patuloy tayong mag-aral sa kanila. Tandaan natin na ang pagsasaliksik ng kaalaman sa Islam ay obligado sa lahat ng Muslim. Hindi sapat na tayo ay nagsasagawa lamang ng Salah, nag-aayuno, o nagsasagawa lamang ng Hajj sapagkat anumang pagsamba ay nangangailangan ng sapat na kaalaman sa pagsasagawa nito. Hindi tatangapin ng Allah ang anumang pagsamba na hindi alinsunod sa pamamaraan ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam).

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga alipin ng Allah, kapag namatay ang isang tao ay mapuputol ang lahat ng kanyang gawain maliban sa tatlo. Ibig sabihin sa iyong pagpanaw, wala ka nang babaunin pa sa iyong libingan, putol na ang lahat ng iniwan mo sa Mundo. Tatlo lang sa iyong mga gawain ang magpapatuloy sa pagbibigay sa iyo ng benepisyo

hanggang sa iyong libingan. Ano ang mga ito? **Una**, ang iyong kawanggawa na patuloy na pinakikinabangan ng mga tao. **Pangalawa**, ang iyong kaalaman na patuloy na nagagamit at napakikinabangan ng mga tao. **Pangatlo**, ang pagkakaroon ng matuwid na anak na mananalangin para sa iyo.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***